

**Pinagsamang mensahe**

**Opisina ng Punong Ministro at Ministri ng Kalusugan**

**16.02.2021**

Pinangunahan ni Punong Ministro Benjamin Netanyahu ang Gabinete ng Corona ngayong araw upang ipagpatuloy ang pagtalakay sa planong pag labas or pag lift mula sa pangkalahatang lockdown at ang berdeng balangkas.

Inaprubahan ng Gabinete sa prinsipyo ang pangalawa at pangatlong phase sa planong pag exit ng Ministry of Health.

Ang balangkas ay naaprubahan sa prinsipyo, ang mga regulasyon ay maaaprubahan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga sumusunod na gawain.

**Ang pangalawang phase ay magsisimula sa Linggo, Pebrero 21, simula sa oras na 7:00 AM:**

**Edukasyon:** Posibleng pagpasok ng mga mag-aral sa sa antas na "Hey" – "Vav" at sa mga antas na "Yud Aleph at " Yud Vav" para sa mga marka sa berde at dilaw na mga lungsod, pati na rin sa mga orange na lungsod kung saan 70% ang nabakunahan at naayonsa isang proteksiyong programa sa para sa edukasyon.

**Walang berdeng marka:** pinapayagan ang pag bubukas ng mga mall, pag bubukas ng mga shopping center at merkado, Ang mga tindahan sa kalye, museo at aklatan ay napapailalim sa isang mahigpit na alituntunin sa marka ng lila, pati na rin mga bahay ng sambahan (10 or 20, base sa napiling pagdarausan ng lugar dalanginan).

**Sa Pamamagitan ng berdeng marka {para sa mga napabakunahan na ng pangalawang bakuna ng Corona Vaccine at isang linggo para sa mga gumaling na sa pag kakasakit ng Corona Virus}:** papayagan ang pag bubukas ng mga gym at studio, Mga kaganapan sa pangkultura at palakasan, eksibisyon, mga bahay panalanginan (kinakailangan na mag palista muna para sa pagdalo sa bahay dasalan) mga hotel (nang walang silid kainan, na may option para sa mga may negatibong resulta ng Corona or swab test na 16 taong gulang pababa) at mga swimming pool.

**Limitasyon para sa pagtitipon - tipon: 10 sa loob, 20 sa labas – magkakaroon ng bisa simula sa Biyernes, 2/19/21.**

**Green Island or berdeng mga lugar or lungsod:** para sa mga hotel na tinuturing na nasa Green Island or lugar/ lungsod tulad ng Dead Dea, Eilat base sa query na mapapabilang sa berde na Island, papayagan ang pag bubukas na pangkalahatan kasama na dito ang pag bubukas ng silid kainan.

**Ang pangatlong phase ay magsisimula sa Linggo 7.3.21:**

**Edukasyon:** Posibleng pag babalik eskuwela para sa mga nasa antas na 7 – 10 sa berde at dilaw ng mga lungsod, pati na rin sa mga orange na lungsod na kung saan 70% ang nabakunahan na napapabilang sa isang proteksiyon na programa sa edukasyon.

**Di Napapabilang sa Walang berdeng label or Marka:** tulad ng mga cafe at maliit na restorante.

**Sa pamamagitan ng Berdeng Marka:** Mga pre-book na restawran, mga pangkalahatang aktibidad ng mga hotel, mga kaganapan sa Garden/ event garden, atraksyon, kumperensya.

**Limitasyon ng Pagtitipon – tipon:** 20 sa loob at 50 sa labas (maliban sa mga pulang lungsod kung saan mananatili ang limitasyon na 10:20).

**Bilang karagdagan, inaprubahan ng Gabinete ang isang balangkas para sa Purim:**

- Pagbabawal ng mga kongregasyon or pag titipon - tipon (maliban sa 10:20 at mga bahay-panalangin alinsunod sa ikalawang phase sa programa ng pag- lift ng lockdown).
- Posible/ pinapayagan ang pagsasalo salo sa hapag kainan na mag kakasama sa Holiday ng isang pamilya na nukleyar or magkakasamang naninirahan sa isang bahay lamang.
- Pinagbabawal ang maramihang partisipanteng partido, prusisyon at mga kaganapan.
- Ang aktibidad sa pamamagitan ng paggamit ng maligayang trak or trak na nagbibigay saya na walang madla or pag titipon- tipon ng maraming tao .
- Pagsasara ng nitso ng Rashbi (mula Biyernes 19.2.21 hanggang Linggo 21.2.21).